# KALIGTASAN. AYON SA DISENYO!

*Posted on 05.09.2022 by Adam Parnell*

**Categories:** General Maritime, Maritime

**Edition**MFB 68

**Editorial**

Kaligtasan. Ayon sa disenyo!

Nakalulungkot na ang edisyong ito ng FEEDBACK ay naglalaman ng ilang ulat na kinasasangkutan ng pagkawala ng buhay. Ipinapaalala nito sa atin na hindi dapat ipagsawalang bahala kahit saglit ang masusing pagbabantay sapagkat ang mga consequences ay maaaring kumitil ng buhay . Ang bawat pagkamatay o malubhang kapahamakan ay may mga epekto na mas higit pa sa barko, lalo na sa mga kapamilya at mga kaibigan ng yumao . Kaya, mangyaring, manatiling alerto at gawin ang iyong makakaya upang matiyak na ligtas kang makakauwi sa iyong pamilya.

Mayroong ilang mga paksa sa edisyong ito, at marami sa mga ito ay pamilyar sa mga regular na mambabasa. Bantog na ang mga panganib ng working *at heights o working aloft* gayunpaman, ang mga aksidente at pagkamatay dahil dito ay madalas pa ring nangyayari. Ito ang itatampok namin sa mga susunod na mga pahina. Dagdag pa, ang kahalagahan ng pagtiyak ng watertight integrity habang towing operations ay maaaring mukhang halata, ngunit nakatanggap kami ng dalawang ulat kung saan ang panganib na ito ay na ipagsawalang-bahala. Ayon sa isang regulatory body, ang problemang ito ay laganap.

Ang mga tug ay nagiging mas malakas at sopistikado subalit mayroong sapat na patunay na ang pagsasanay sa sektor ng towage ay hindi nakakasabay sa pag-unlad ng teknolohiya. Panahon na ba para sa mga pambansang awtoridad sa industriya maritima na bigyang pansin ang pagsasanay sa tug at mga kaugnay na paksa, kabilang na ang mga requirement para sa mga *shipmasters* na may mga *pilotage exemption* upang maging pamilyar sa mga kakayahan at limitasyon ng mga modern tugs ?

Palagian ding tampok ng aming mga reports ang hindi maayos na disenyo .Ngunit kadalasan ay tinatanggap na lamang natin bilang manlalayag at tao kung ano ang ibinigay sa atin at sinisikap na gawin ang makakaya gamit ito sa halip na ituro ang mga pagkukulang at mag-demand nang karampatang aksyon.

Ang mga mahuhusay na kumpanya ay malugod na tumatanggap ng feedback mula sa kanilang fleet. Subalit may mga nakakarating na reports pa rin na may mga iilang kumpanya ang nag-aatubiling pakinggan ang kanilang crew o magtalaga ng budget para sa kanilang safety. PIto ay

nakakadismaya sapagkat sa ibang mga industriya ay kinikilala na ang safety at efficiency ay magkakaugnay.Ika nga, "A safe company is a more efficient and profitable company." Oras na upang mapagtanto ito ng mas maraming mga shipping operators.

Panghuli , nakatanggap kami ng ilang mga ulat kung saan ang opisyal na dapat ay nangangasiwa sa isang trabaho ay siyang personal mismo na gumagawa ng trabaho. Ang pagkawala ng supervision at oversight sa ganitong paraan ay nag-iiwan ng puwang para sa aksidente. Mayroon ka bang sapat na workforce upang magasiwa sa iyong barko?

Hanggang sa muli , mag-iingat ka dyan!

# There are no comments yet.